

MAHAL NG DIYOS ANG
KANYANG MGA ANAK

Ang mensaheng ito ay para sa mga Banal sa mga Huling Araw na may problema sa pagkaakit sa kapwa nila lalaki o kapwa nila babae at kung minsan ay nasisiraan ng loob ngunit buong puso pa ring hinahangad na mamuhay sa paraang kalugud-lugod sa ating Ama sa Langit.

Ikaw ay anak ng Diyos, at taos ang aming hangarin na buong pagmamahal kang matulungan. Kahit naaakit ka sa kapwa mo lalaki o kapwa mo babae, maaari kang lumigaya sa buhay na ito, makapamuhay nang malinis, makapagsagawa ng makabuluhang paglilingkod sa Simbahan, matamasa ang lahat ng karapatan ng pagiging miyembro kasama ang kapwa mo mga Banal, at sa huli ay tanggapin ang lahat ng pagpapala ng buhay na walang hanggan.

Ipinahayag ng propetang si Nephi sa Aklat ni Mormon ang damdamin nating lahat nang aminin niya na hindi niya “nalalaman ang ibig sabihin ng lahat ng bagay.” Ngunit nagpatotoo siya na, “Alam kong mahal [ng Diyos] ang kanyang mga anak” (1 Nephi 11:17). Talagang mahal ng Diyos ang lahat ng Kanyang mga anak. Gayunman, maraming tanong, kabilang na ang ilan na may kinalaman sa pagkaakit sa kapwa lalaki o kapwa babae, na kailangang maghintay ng sagot sa hinaharap, maging hanggang sa kabilang buhay. Ngunit ang Diyos ay naghayag ng mga simple at hindi nagbabagong katotohanan para gabayan tayo. Mahal Niya ang lahat ng Kanyang mga anak, at dahil mahal ka Niya, maaari kang magtiwala sa Kanya.


Ang Iyong Identidad at Potensyal

Ikaw ay pinakamamahal na anak ng Diyos. Hindi lamang Niya alam ang pangalan mo; kilala ka Niya. Kakaiba ang pagmamahal Niya sa iyo. Nabuhay ka sa Kanyang piling bago ka isinilang sa mundong ito. Hindi mo maaalala ang kaugnayan mo sa Kanya noon, ngunit naaalala Niya. Bagamat kung minsan ay gumagawa ang Kanyang mga anak ng mga bagay na nagpapalungkot sa Kanya, lagi Niya silang mamahalin.

Kapag alam mo kung sino ka at panatag ka sa katiyakan na mahal ka ng Diyos, mas madali mong maiintindihan ang nais Niya para sa iyo. Nais Niyang makamtan mo ang lahat ng pagpapala ng buhay na walang hanggan. Ang buhay na walang hanggan ay higit na mahalaga kaysa buhay na matagal o walang katapusan. Ang ibig sabihin ng magkamit ng buhay na walang hanggan ay maging katulad ng Ama sa Langit, mabuhay na katulad Niya, at tumanggap ng buong kagalakan. Matatanggap mo ang buhay na walang hanggan kung susundin mo ang mga batas na sinusunod ng Diyos at gagawin ang mga bagay na ginagawa Niya.

Ang Plano ng Kaligayahan

Inilaan ng Diyos ang plano ng kaligtasan, o plano ng kaligayahan, para tulungan kang matanggap ang mga pagpapala ng buhay na walang hanggan. Ang planong ito ay nakasaad sa mga banal na kasulatan; hindi ito maaaring isulat muli ng mga lalaki at babae para lang pagbigyan ang kanilang mga hangarin. Diyos lamang ang nagkaka-loob ng buhay na walang hanggan. Ang ilan sa mga dakilang pagpapalang ipinangako sa plano, kabilang na ang buhay na walang hanggan, ay hindi nilayon para tamasahin nang agaran. Mahaba ang kawalang-hanggan, at makikli ang buhay sa mundo. Kapag ibinatay mo ang iyong mga desisyon sa mga walang-hanggan alituntunin sa halip na sa mga makamundong hamon o hangarin, magkakaroon ka ng “kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating” (D at T 59:23).



Ang mga pagpapalang ito ay nakabatay sa pagsunod sa mga walang hanggang alituntunin. Isa sa mga alituntuning ito ang kahalagahan ng mga pamilya. Ang langit ay inorganisa sa mga pamilya, na nangangailangan na magkasamang gamitin ng isang lalaki at isang babae ang kanilang kapangyarihang lumikha alinsunod sa itinakdang hangganan ng Panginoon. Ang mga relasyon ng parehong lalaki o parehong babae ay hindi naaayon sa planong ito. Kung wala kapwa ang asawang lalaki at asawang babae hindi kailanman magkakaroon ng walang hanggang pamilya at walang pagkakataong maging katulad ng Ama sa Langit.

Sa ilang sitwasyon ipinagpapaliban ng isang tao ang pag-aasawa dahil hindi siya naaakit sa ibang kasarian sa kasalukuyan. Kahit

maraming Banal sa mga Huling Araw, na sa pamamagitan ng sariling pagsisikap, pagsampalataya, at pag-asa sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala, ay napaglabanan ang pagkaakit sa kapwa nila lalaki o kapwa babae sa buhay na ito, maaaring ang iba naman ay hindi malaya sa ganitong hamon sa buhay na ito. Gayunman, ang perpektong plano ng ating Ama sa Langit ay naglaan ng mga kundisyon sa mga taong nagnanais sumunod sa Kanyang mga utos ngunit hindi sinasadyang hindi sila makasal sa kawalang-hanggan sa buhay na ito. Sa pagsunod natin sa plano ng Ama sa Langit, ang ating katawan, damdamin, at mga hangarin ay magiging perpekto sa kabilang buhay upang ang lahat ng anak ng Diyos ay makatagpo ng kagalakan sa isang pamilyang binubuo ng asawang lalaki, asawang babae, at mga anak.

Ang pagkaakit sa kapwa lalaki o kapwa babae ay may kahalang malalim na emosyonal at pisikal na damdamin, at matinding pakikihalubilo sa iba. Hangad ng lahat ng anak ng Ama sa Langit na magmahal at mahalín, kasama na rito ang maraming matatanda, na sa sari-saring dahilan ay wala pa ring asawa. Tinitiyak ng Diyos sa Kanyang mga anak, pati na sa mga taong kasalukuyang naaakit sa kapwa nila lalaki o kapwa babae, na sa bandang huli ang mabubuti nilang hangarin ay lubos na matutugunan sa sariling paraan ng Diyos at ayon sa Kanyang takdang panahon.

Pagpipigil sa Sarili

Para maging karapat-dapat sa mga pagpapalang dulot ng plano ng ating Ama sa Langit, bawat isa sa atin ay ipinadala sa mundong ito para subukin nang ilang panahon, kung kailan kinakaharap natin ang iba't ibang tukso at hamon. Ang ilan sa mga hamong ito ay nauugnay sa ating katawang pisikal. Dahil wala tayong pisikal na katawan bago ang buhay na ito, kailangan nating matutong mabuhay sa kabila ng mga kahinaan nito at unawain ang pahiwatig, mga hilig, at pangangailangan nito. At kadalasan ay kailangan nating matutong magsabi ng “hindi.” Ang pagpipigil na ito sa pisikal na katawan ay napakahalaga dahil mapapasaatin ang mga katawang ito, sa perpektong anyo nito, sa kabilang buhay.

Sagrado ang ating mga katawan; kung minsan ay tinutukoy ito sa mga banal na kasulatan bilang “mga templo ng Diyos.” Maraming taong naaakit sa kapwa nila lalaki o kapwa babae ang gumagalang sa kasagraduhan ng kanilang katawan at sa mga itinakdang pamantayan ng Diyos—na ang seksuwalidad ay nararapat lamang ipahayag sa pagitan “ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas” (“Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” 35538 893). Ang buhay ng mga taong ito ay kalugud-lugod sa ating Ama sa Langit. Gayunman, lumalampas ang ilan sa hangganang ito at nasasangkot sila sa mahahalay na gawain. Ang hangaring bigyang-kasiyahan ang pagnanasa ng katawan ay hindi nagpapahintulot sa sinuman na gumawa ng kahalayan.

Ang tunay na kaligayahan ay hindi lamang nababatay sa pagpapahayag ng pagnanasa ng katawan. Ang mga pagnanasang ito ay nawawala kapag natutugunan ang mas mahahalagang emosyonal na pangangailangan—tulad ng pangangailangang makihalubilo at maglingkod sa iba. Ang tunay na kaligayahan ay nagmumula sa pagpipigil sa sarili, paggalang sa sarili, at positibong direksyon sa buhay. Nagmumula ito sa patotoo sa tunay na doktrina—kabilang na ang kung sino ka at ang maaari mong kahinatnan—at sa pamumuhay ayon sa plano ng kaligayahan ng Diyos.

Maraming taong naaakit sa kapwa nila lalaki o kapwa babae ang may malakas na patotoo sa ebanghelyo at, dahil dito, hindi sila nagpapatangay o tumutugon sa pagkaakit na iyon. Ang pagkaakit ay hindi dahilan para hindi kayo maging karapat-dapat. Kung iiwasan ninyo ang mahahalay na kaisipan at gawain, hindi kayo nagkakasala kahit nadarama ninyo ang gayong pagkaakit. Sinabi ng Unang Panguluhan, “May pagkakaiba ang mahahalay na kaisipan at damdamin at ang partisipasyon sa anumang kahalayan ng babae at lalaki o ng kapwa lalaki at kapwa babae” (liham, Nob. 14, 1991).

Ang alituntuning ito ay akma sa lahat ng anak ng Diyos, sapagkat sinabi Niya na lahat ng seksuwal na pakikipagrelasyon sa labas ng kasal ay hindi katanggap-tanggap. Ang tukso ay dumarating sa lahat, ngunit ang isa sa mga layunin ng buhay na ito ay matutong labanan ang mga ito. Napakaganda ng paliwanag ni Pangulong David O. McKay na ang espirituwalidad ay “kaalamang napagtagumpayan o napigilan ninyo ang inyong sarili” (sa Conference Report, Okt. 1969, 8). Ang mga tuksoning ito, na karaniwan ay hindi naman inaasahan, ay maaaring malakas, ngunit hindi kailanman sapat ang lakas nito para ipagka-it sa atin ang ating kalayaang pumili. Sinabi ni Elder Dallin H. Oaks, “Tayong lahat ay may ilang damdaming hindi natin ginusto, ngunit itinuturo sa atin ng ebanghelyo ni Jesucristo na may kapangyarihan pa rin tayong labanan at baguhin ang ating damdamin (kung kailangan) at tiyakin na hindi tayo maaakay nito sa pag-iisip nang hindi angkop o paggawa ng kasalanan” (“Same-Gender Attraction,” *Ensign*, Okt. 1995, 9). Ang maruruming kaisipan ay maglalaho kapag pinalitan mo ito agad ng nakasisigla at makabuluhang kaisipan.

Sa pagsisikap mong pigilan ang sarili, tandaan na mahalaga ang matwid na pamumuhay kapwa sa pribado at publiko. Ipinayo ni Pangulong Gordon B. Hinckley: “Ang asal natin sa publiko ay di dapat mapintasan. Mas mahalaga pa riyan ang asal natin sa pribado. Dapat mamalas dito ang pamantayang itinakda ng Panginoon. Di tayo dapat maglunoy sa pagkakasala, ni pagtakpan ang mga ito” (sa Conference Report, Abr. 2002, 62–63; o sa “Pagiging Marapat ng Sarili Upang Magamit ang Priesthood,” *Liahona*, Hulyo 2002).



Kung nalabag mo ang mga kautusan ng Diyos o ang iyong mga tipan, maaari kang magsisi. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala, binayaran ni Jesucristo ang iyong mga kasalanan, at patatawarin ka ng Diyos. Pagkatapos mong magsisi nang lubusan at taos-puso, hindi mo na dapat pang balik-balikan ang mga nagawa mong kasalanan noon. Kasama sa utos ng Panginoon na “magpatawad sa lahat ng tao” ang pangangailangang patawarin ang iyong sarili (tingnan sa D at T 64:10).

Ang pagkaunawa sa mga walang-hanggang katotohanan ay malakas na pangganyak sa mabuting pag-uugali. Lubos kang magtatagumpay kung magtutuon ka sa mga bagay na kaya mong unawain at pigilin ngayon, at huwag sayangin ang lakas o dagdagan ang kalungkutan sa pag-aalala sa mga bagay na hindi pa lubos na naihahayag ng Diyos. Magtuo sa pamumuhay ng mga simpleng katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ang pagkagusto mo sa kapwa lalaki o kapwa babae ay maaaring napakatindi, ngunit sa pamamagitan ng pagsam-palataya sa Pagbabayad-sala tatanggap ka ng kapangyarihang labanan ang lahat ng di-wastong pag-uugali, at maiiwasan mong magkasala sa buhay.

Puspusin ng Kabutihan ang Iyong Buhay



Buong katalinuhang sinabi ng isang tao na kung magtatanim tayo ng mabuting punla sa halamanan, hindi na gaanong kakailanganin ang asarol. Gayundin, kung pupuspusin natin ng espirituwal na pangangalaga ng Diyos ang ating buhay, mas madali nating mapipigil ang ating mga hilig at mapi-pigilan natin ang ating sarili. Ibig sabihin nito ay lumikha araw-araw ng positibong kapaligiran kung saan magiging malakas ang impluwensya ng Espiritu at iwasan ang mga kapaligirang nakatutukso, na hindi nakalulugod sa Espiritu. Kabilang sa positibong kapaligiran ang patuloy na pribado at pampublikong pagsamba, pagsisimba, pag-aayuno, pagdalo sa templo, paglilingkod, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagdarasal, pakikihalubilo

sa mabubuting kaibigan, at pagkalantad sa nakasisiglang baba-sahin at musika. Kapag pinaligiran mo ang iyong sarili ng ganitong mga bagay, ang bunga ng iyong halamanan ay magiging mabuti at magdudulot ng kagalakan sa iyo at sa iyong Ama sa Langit. Ang kaligayahan ay inaani sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga bagay na makabuluhan, hindi lamang sa pagsugpo ng bagay na hindi kalugud-lugod sa Diyos.

Ang isang napakahalagang paraan para mapuspos ng mabuting punla ang iyong espirituwal na halamanan ay sa pamamagitan ng pagiging aktibo sa Simbahan. Kahit maaaring magpatuloy ang pagkaakit sa kapwa lalaki o kapwa babae at manatili pa rin ang gayong damdamin, mapalalakas ka ng paglilingkod sa Simbahan at pakikisalamuha sa iba pang mga miyembro ng Simbahan na katulad mo ang mga paniniwala at nakipagtipan ding katulad mo. Ang pakikibahagi ng sacrament, pagkanta ng mga himno ng

Sion, at pakikinig sa mga nakasisiglang mensahe ay makatutulong lahat sa iyong espirituwal na pag-unlad. Ang pagpapabaya sa mga positibong impluwensyang ito at paglayo sa Simbahan dahil sa panghihina ng kalooban, sa pakiramdam na ayaw sa iyo ng ibang tao, o pagkadama na hindi ka kabilang ay makasasama lamang sa iyong espirituwalidad at hangaring mapigil ang iyong mga kilos.

Nadarama ng ilang taong naaakit sa kapwa nila lalaki o kapwa babae na inaayawan sila dahil hindi laging nagpapakita ng pagmamahal ang mga miyembro ng Simbahan. Dapat maging mapagparaya ang sinumang miyembro ng Simbahan. Kapag nagpapakita ka ng pagmamahal at kabaitan sa iba, binibigyan mo sila ng pagkakataong baguhin ang kanilang saloobin at alang sundin si Cristo.

Bukod pa sa puspusin ang iyong halamanan ng mga positibong impluwensya, kailangan mo ring iwasan ang anumang impluwensyang makasasama sa iyong espirituwalidad. Isa sa masasamang impluwensyang ito ang pagkahumaling o pagtutuo ng isipan sa mga ideya at damdaming ukol sa pagkaakit sa kapwa lalaki o kapwa babae. Hindi nakakatulong na hayagang ipakita ang pagiging homoseksuwal o gawin itong paksa ng walang-halagang obserbasyon o pagtalakay. Mas makabubuting makipagkaibigan sa mga taong hindi hayagang ipinakikita ang kanilang damdaming homoseksuwal. Ang maingat na pagpili ng mga kaibigan at tagapayo na namumuhay nang makabuluhan at matwid ay isa sa pinakamahahalagang hakbang sa pagiging kapaki-pakinabang at mabait. Ang pakikihalubilo sa kapwa lalaki o kapwa babae ay likas at kanais-nais, basta't buong talino kayong maglagay ng hangganan upang maiwasan ang di-wasto at di-magandang pakikipagpalagayan ng damdamin, na maaaring humantong sa pisikal at seksuwal na intimsiya. Mapanganib sa moralidad ang masyadong malapit sa isang kaibigang kapwa lalaki o kapwa babae dahil maaaring mauwi ito sa mahahalay na gawing isinusumpa ng Panginoon. Ang pinakamahahalaga nating relasyon ay ang sa sarili nating

pamilya dahil ang kaugnayan natin sa kanila ay maaaring maging walang hanggan.

Ang kawalan ng pag-asa ay isa pang masamang impluwensya. Kadalasan ay bunga ito ng kawalan ng pag-unawa at pagtitiwala sa patuloy na pagmamahal ng Diyos na nakakamit sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Makaaasa kayo sa katotohanan na bawat pagpapalang ipinagkakaloob sa plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit ay matatamo pa rin ng bawat isa sa Kanyang mga anak. Ang kawalan ng pag-asa at pag-aalinlangan ay maaaring humantong sa paglayo, paghahanap ng mali, at kawalan ng pasensya na hindi kaagad dumarating ang lahat ng sagot at kalutasan sa mga problema sa buhay. Ang Espiritu ng Diyos ay naghahatid ng saya at kaligayahan. Magtiwala sa Panginoon. Huwag sisihin ang sinuman—huwag ang iyong sari-li, ni ang iyong mga magulang, ni ang Diyos—sa mga problemang hindi lubos na maunawaan sa buhay na ito.

Ang pornograpiya, sa lahat ng delikado at nakapipinsalang uri nito, ay lalo nang masama, mapanganib, at nakalululong na impluwensya. Ang mga imahe na laging nasa iyong isipan, kahit sandali lamang, ay tumitimo at biglang papasok ang mga ito sa isipan sa sandali ng kahinaan para balewalain ang iyong pasiya. Ang tamang pagkilos ay bunga ng dalisay na kaisipan, na hinihikayat ng nakasisiglang babasahin, pag-uusap, musika, at iba pang media.

May ilang tao na naabuso sa kanilang kabataan o nasangkot sa seksuwal na pag-eeksperimento sa murang edad. Kung nangyari ito sa iyo, unawain mo sana na ang pang-aabuso ng iba o mga karanasan noong bata ka pa ay hindi dapat lumikha sa ngayon ng pang-uusig ng budhi, pagiging hindi karapat-dapat, o pagtatakwil ng Diyos o ng Kanyang Simbahan. Ang inosenteng pagkakamali noong bata ka pa ay hindi nakakaimpluwensya sa isang kabataan upang maakit sa kapwa niya lalaki o kapwa babae pagtanda niya.

Magtatagumpay ka sa pagpigil sa iyong buhay kapag lagi mong pina-ngangalagaan ang iyong espiritu. Ang matagalang pag-iwas sa pagkain, na sinusundan ng pagkain nang marami, ay hindi magbibigay ng mabuting kalusugan sa iyong katawan. Gayundin, ang bunga ng pamaya-mayang pagpapakain sa iyong espiritu, kahit malakihan ang subo, ay hindi kasing-inam ng palagian at araw-araw na pagpapakain sa iyong espiritu.



“Sumulong”

Nangako si Pangulong Gordon B. Hinckley na ang mga naaakit sa kapwa nila lalaki o kapwa babae na hindi nagpapakita ng ganitong mga gawi ay “makasusulong na tulad ng iba pang mga miyembro ng Simbahan” (“What Are People Asking about Us?” *Ensign*, Nob. 1998, 71). Kung mamumuhay ka ayon sa mga pamantayang itinakda ng Diyos at pupuspusin ang iyong mga araw ng mga bagay na makabuluhan, ang iyong buhay ay mapupuno ng pag-asa at makaaasa ka na magkakaroon ka ng mga pagkakataon upang makapaglingkod nang makabuluhan, makihalubilo sa ibang tao, at umunlad sa espirituwal sa buhay na ito.

Makabubuting kausapin mo ang iyong bishop at iba pang mga lider ng priesthood na mayhawak ng mga susi ng inspiradong pagpapayo sa mga miyembro ng iyong lokal na yunit ng Simbahan. Kung lalapit ka sa kanila nang may pagpapakumbaba at katapatan, dadamayan ka nila at mamahalin habang pinapayuhan ka nila. Sinabi ng Unang Panguluhan: “Hinihikayat namin ang mga lider at miyembro ng Simbahan na tumulong nang may pagmamahal at pag-unawa sa mga may problema sa mga isyung ito. Maraming tutugon sa pagmamahal na tulad ng kay Cristo at sa inspiradong pagpapayo” (liham, Nob. 14, 1991). Kadalasan ay makabubuti ring humingi ng patnubay sa mga propesyonal na tagapayo na bihasa na sa paglutas ng mga problema hinggil sa pagkaakit sa kapwa lalaki o kapwa babae at nagpapayo ayon sa mga turo ng ebanghelyo.

Sa paghingi mo ng tulong sa iba, maging maingat at huwag dumepende lamang sa kanila para sa iyong espirituwal na kalakasan. Mapapayuhan ka ng iyong bishop at ng iba pang mga lider at maituturo nila ang mga tunay na alituntunin ng plano ng Diyos para sa Kanyang mga anak, ngunit sa huli ang tuluy-tuloy na kalakasang kailangan mo ay kailangang manggaling sa Panginoon kapag nagpailalim ka sa impluwensya ng Espiritu Santo at sumampalataya kay Jesucristo. Sa sandaling iyon lamang magkakaroon ng matatag na pagpapasiya at sapat na la-

kas para maiwasan ang pag-uugali at mga kaisipang hindi nakasisiya sa Diyos.

Ang ilang Banal sa mga Huling Araw na naaakit sa kapwa nila lalaki o kapwa babae ay sumusulong sa kanilang buhay sa pamamagitan ng mahigpit na pagsunod sa mga pamantayan ng ebanghelyo, pananatiling malapit sa Panginoon, at paghingi ng tulong sa mga lider ng Simbahan at mga propesyonal kapag kailangan. Masagana at masaya ang kanilang buhay, at makatitiyak sila na lahat ng pagpapala ng buhay na walang hanggan ay mapapasakanila sa bandang huli.

Malaki ang kaibhan ng mga turo ng ebanghelyo sa mga paraan at turo ng mundo tungkol sa maraming paksa, kabilang na ang kagandahang-asal. Ang mga kaibhang ito ay bunga ng ating pagkaunawa sa kaloob na buhay na walang hanggan na inihanda ng Ama sa Langit para sa atin at sa mga kundisyong kailangan para matanggap ito. Walang sinuman sa ngayon, o kailanman, na hindi makadarama sa pagmamahal ng Diyos o sa paanyaya ng Kanyang Simbahan, sapagkat lahat tayo ay Kanyang pinakamamahal na mga anak. Gaya ng sinabi ni Pangulong Hinckley: “Nahahabag kami sa mga taong may problema sa pagkaakit sa kapwa nila lalaki o kapwa babae. Naaalala namin kayo sa harap ng Panginoon, nakikisimpatiya kami sa inyo, kapatid ang turing namin sa inyo” (“Stand Strong against the Wiles of the World,” *Ensign*, Nob. 1995, 99).

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2007 Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika
Pagsang-ayon sa Ingles: 4/07
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 4/07
Pagsasalin ng *God Loveth His Children*

TAGALOG

